

Kapag Mahalaga ang Bawat Segundo

Tatlong Hakbang para Maging Handa sa Lindol



I-download ang MyShake™ app

Nagbibigay ang MyShake™ app ng mga maagang babala tungkol sa lindol. Magagamit mo ang abiso na magbibigay sa iyo ng ilang segundo para mapabuti ang kahihinatnan.

Gawa ng UC Berkeley Seismology ang MyShake™ app at ginagamit nito ang ShakeAlert®, isang Sistema para sa Pagbibigay ng Maagang Babala sa Lindol o Earthquake Early Warning (EEW) System na nakakatukoy ng malalakas na lindol (mahigit 4.5 magnitude) nang napakabilis anupa't nakakarating ang mga alerto sa mga tao bago pa mangyari ang pagyanig.

(Pinagkunan: ShakeAlert)

1

I-DOWNLOAD ANG MYSHAKE

Kunin ang MyShake™ app sa Apple App Store o sa Google Play Store

2

ALAMIN ANG MGA PANGANIB

Alamin ang mga dapat gawin para maging ligtas kapag may lindol

3

MAGHANDA

Magplano para sa iyong sarili, iyong pamilya, at mga kapitbahay



I-download ang MyShake app

Makatanggap ng maagang babala tungkol sa lindol
Mga Tip para sa Kaligtasan Impormasyon tungkol sa Lindol



Drop, Cover, Hold

Alamin ang dapat gawin kapag may lindol



Maghanda

Alamin ang mga panganib at bumuo ng plano para matugunan ang iyong mga partikular na pangangailangan

Drop, Cover, Hold

Kapag nakatanggap ng ShakeAlert® o lumindol.



Kapag lumilindol, napatunayang pinakamabisang paraan para makaligtas sa pagyanig ang pagdapa sa sahig, pagtakip sa iyong ulo, at pagtago sa ilalim ng matibay na mesa at pagkapit dito. Kung nasa mobile home ka, pumuwesto sa upuan, sofa, o higaan at takpan ang iyong ulo. Kung gumagamit ka ng wheelchair o inuupuang walker, i-lock ang aparato, takpan ang iyong ulo, at kumapit hanggang sa tumigil ang pagyanig.



Maging Handa

Handa ka ba kapag nakatanggap ka ng alerto mula sa MyShake? Ano ang gagawin mo kung nasa bahay, paaralan, trabaho, o sasakyan ka?

Mga pangunahing hakbang para maihanda ang iyong pamilya at mga alagang hayop kapag lumindol ang pagbuo ng plano at paghahanda ng mga kinakailangang kagamitan. Kung katulad ka ng karamihan sa atin, posibleng maging nakakasindak ang paghahanda. Gayunpaman, hindi kailangang maging nakakasindak iyon. Magandang gumawa ng maliliit na hakbang bawat buwan para mapabuti ang iyong plano at maprotektahan ang iyong sarili at lahat ng mahalaga sa iyo sa pinakamahusay na paraan. Kailangan mo ba ng tulong sa pagsisimula? Sumangguni sa cadresv.org/earthquake sa ibaba

PAHOORIN ANG VIDEO TUNGKOL SA KALIGTASAN KAPAG MAY LINDOL

Pumunta sa cadresv.org/earthquake para sa higit pang impormasyon tungkol sa MyShake™ app | Mga Kagamitang Pang-emergency | Pagprotekta sa Iyong Sarili at sa Iyong Tahanan | Mga Mapagkakatiwalaang Mapagkukunan ng Impormasyong Pang-emergency | Paggawa ng Planong Pang-emergency | at marami pang iba. **(May Pagsasalin sa Ibang Wika)**

I-download ang MyShake sa Apple



I-download ang MyShake sa Google

